# Pamantayan ng Pagkilos

ASSA ABLOY

## Kasosyo sa Negosyo

Experience a safer
and more open world



# Kasosyo sa Negosyo
# Pamantayan ng Pagkilos

**Panimula**
Ang ASSA ABLOY ay naniniawala sa responsableng panlipunan at etikal na pagkilos at may responsibilidad ito sa mga empleyadong nagbibigay ng serbisyo sa kumpanya sa buong mundo. Ang aming mga batayang pagpapahalaga na Pagbibigay ng Kakayahan, Pagpapaunlad, at Integridad ang gumagabay sa aming mga pagkilos at sa mga pang-araw-araw naming desisyon sa negosyo. Bukod dito, may obligasyong sumunod sa matataas na pamantayan ng integridad at patas na pakikipagtransaksyon ang ASSA ABLOY at ang mga kasosyo nito sa negosyo para sa lahat ng stakeholder. Ito ang batayan at ang dahilan kung bakit binuo ng ASSA ABLOY ang Pamantayan ng Pagkilos ng Kasosyo sa Negosyo. Nakabatay rin ang aming mga patakaran at ang Pamantayan ng Pagkilos ng Kasosyo sa Negosyo sa mga sumusunod:

- UN Universal Declaration of Human Rights at mga nauugnay na UN Convention
- ILO Tripartite Declaration of Principles concerning Multinational Enterprises and Social Policy
- OECD Guidelines on the Protection of Privacy and Transborder Flows of Personal Data
- OECD Guidelines for Multinational Enterprises
- UN Global Compact
- ISO 14001

**Kanino nalalapat ang Pamantayan ng Pagkilos ng Kasosyo sa Negosyo?**
Nalalapat ang Pamantayan ng Pagkilos ng Kasosyo sa Negosyo sa lahat ng aming kasosyo sa negosyo na nagbibigay ng mga produkto o serbisyo sa ASSA ABLOY, o nakikipagtransaksyon o inaatasang makipagtransaksyon sa o para sa ASSA ABLOY, gaya ng hal. mga suplayer (at sabkontraktor kung kailangan sa pakikipagtransaksyon sa ASSA ABLOY), kasangguni,  tagapamahagi, ahente at iba pang kinatawan.

**Pagsunod sa batas**
Hinihingi ng ASSA ABLOY sa lahat ng aming kasosyo sa negosyo na magnegosyo sila alinsunod sa mga prinsipyong nasa Pamantayan ng Pagkilos ng Kasosyo sa Negosyo at sa paraang ganap na nakakasunod sa lahat ng naaangkop na batas at regulasyon. Hindi pinapalitan ng Pamantayan ng Pagkilos ng Kasosyo sa Negosyo ang batas at kung hindi magtutugma ang dalawa, mangingibabaw ang batas. Kung mas mataas ang itatakdang pamantayan ng Pamantayan ng Pagkilos ng Kasosyo sa Negosyo kaysa sa kasalukuyang batas, mangingibabaw ang Pamantayan ng Pagkilos ng Kasosyo sa Negosyo. May bisa ang Pamantayan ng Pagkilos ng Kasosyo sa Negosyo sa wikang Ingles. Kung magkakaroon ng bersyon sa ibang wika ang dokumentong ito, ituturing lang na pagsasalin ang mga iyon. Maaaring gamitin ang form sa Appendix II para lagdaan ang Pamantayan ng Pagkilos ng Kasosyo sa Negosyo.

**Paghahain ng mga isyu**
Kung ikaw o ang iyong mga empleyado ay naniniwalang hindi nakakasunod sa sariling Pamantayan ng Pagkilos ng ASSA ABLOY ang mga tuntuning nasa Pamantayan ng Pagkilos ng Kasosyo sa Negosyo o kaya ay hindi nakakasunod ang ASSA ABLOY sa sarili nitong Pamantayan ng Pagkilos, hinihikayat ka naming idulog ang iyong mga isyu sa whistleblowing function ng Head Office ng ASSA ABLOY para sa Pamantayan ng Pagkilos o sa pamamagitan ng sinuman sa iyong mga kakilala sa ASSA ABLOY. Maaari ding gamitin ang form na nasa Appendix I.

**Pagpapatupad at pagsubaybay**
Sinusubaybayan ng ASSA ABLOY ang pagpapatupad at pagsunod sa Pamantayan ng Pagkilos ng Kasosyo sa Negosyo. Susuriin ng ASSA ABLOY ang pagsunod ng mga kasosyo nito sa negosyo sa Pamantayan ng Pagkilos ng Kasosyo sa Negosyo. Agad na tutugunan ang mga paglabag, na maaaring makaapekto sa ugnayang pangnegosyo ng kasosyo sa negosyo sa ASSA ABLOY ang anumang paglabag sa Pamantayan ng Pagkilos ng Kasosyo sa Negosyo, at maaari itong magresulta sa pagpapawalang-bisa ng kasunduan.

# 1. Etika sa Negosyo

**1.1 Pangkalahatan**
Iginagalang ng ASSA ABLOY ang mga batas at regulasyon ng mga bansa kung saan ito nagnenegosyo, at hinihingi sa mga kasosyo nito sa negosyo na gawin din iyon. Hindi tinatanggap ng ASSA ABLOY ang anumang pangungurakot kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, panunuhol, salungatan sa interes, panloloko, pangingikil, pandarambong, sariling pakikinabang, at mga ilegal na kickback, at hindi dapat mangurakot sa anumang paraan ang mga kasosyo sa negosyo ng ASSA ABLOY o kaya ay bigyang-daan ang ASSA ABLOY na gumawa ng ganito.

**1.2 Mga batas sa kumpetisyon at antitrust**
Dapat sumunod sa mga naaangkop na batas at regulasyon sa kumpetisyon at antitrust ang mga kasosyo sa negosyo ng ASSA ABLOY. Ibig sabihin, kasama na rito ang hindi pagpapako ng presyo, paghahati-hati ng merkado, panloloko sa bid, o paghahati-hati ng customer.

**1.3 Paglaban sa panunuhol**
Hindi pinahihintulutan ng ASSA ABLOY ang pagtanggap ng anumang uri ng suhol o lagay.

**1.4 Pagprotekta ng mga datos**
Dapat sumunod sa mga naaangkop na batas at regulasyon sa pagprotekta ng mga datos ang mga kasosyo sa negosyo ng ASSA ABLOY.

**1.5 Salungatan sa interes**
Dapat iwasan ang salungatan sa interes sa pagitan ng kasosyo sa negosyo at ASSA ABLOY. Maaaring kabilang sa mga salungatan sa interes ang mga pangnegosyong aktibidad sa labas, personal na pinansyal na interes, impormasyon mula sa loob, at pagbibigay ng trabaho, pagbili, o pagbebenta sa mga kapamilya at malalapit na personal na kaibigan. Sa pakikipagtransaksyon mo sa ASSA ABLOY, inaasahan din ng ASSA ABLOY na poprotektahan mo ang lahat ng kumpidensyal na impormasyong ibinigay ng ASSA ABLOY at igagalang mo ang intelektwal na pag-aari ng ASSA ABLOY at ng iba pa.

**1.6 Mga Regulasyon sa Pagkontrol sa Pag-export**
Mahalaga para sa ASSA ABLOY na masunod ang mga naaangkop na Regulasyon sa Pagkontrol sa Pag-export dahil madalas na nakatuon ang mga regulasyong ito sa paglilimita sa mga aktibidad na hindi suportado ng ASSA ABLOY, hal. terorismo.

# 2. Karapatang Pantao at Mga Pamantayan sa Paggawa

**2.1 Child Labor o pagpapa-trabaho sa mga bata**
Kinikilala ng ASSA ABLOY ang karapatan ng bawat bata na maprotektahan laban sa pang-ekonomiyang pananamantala at sa pagtatrabahong maaaring delikado sa kanilang pangangatawan, kalusugan sa pag-iisip, at kalusugang pang-ispiritwal, delikado sa kanilang moral o panlipunang pag-unlad, o nakakaabala sa kanilang pag-aaral.

Ang batang binabanggit dito ay sinumang wala pang 15 taong gulang, o 14 na taong gulang alinsunod sa mga pagbubukod para sa mga papaunlad na bansa (developing countries) ayon sa nakasaad sa Article 2.4 ng ILO Convention No. 138 on Minimum Age. Kung may itinakdang mas mataas na edad ang nauugnay na pambansang batas, ang edad na ito ang ipapatupad.

Para sa ilang bansa, ang mga "batang manggagawa" ay mga taong lampas sa minimum na edad at wala pang 18 taong gulang, ibig sabihin, maaaring may mga legal na paghihigpit hinggil sa uri ng trabahong maaari nilang gawin.

Hindi pumapayag ang ASSA ABLOY sa child labor, at inaasahan nitong ganito rin ang mga kasosyo nito sa negosyo. Gayunpaman, kinikilala ng ASSA ABLOY na umiiral ito at alam nitong hindi ito basta mawawala sa pamamagitan lang ng pagtatakda ng mga panuntunan o pagsasagawa ng mga inspeksyon. Kung malalamang may batang gumagawa ng mga produkto o nagbibigay ng mga serbisyo para sa ASSA ABLOY, hihilingin sa employer na kumilos para sa pangkalahatang ikabubuti ng bata. Inaasahan sa mga kasosyo sa negosyo na makikiisa sila sa paghahanap ng katanggap-tanggap na solusyong magpapabuti sa pangkalahatang sitwasyon ng bata, at dapat isaalang-alang sa lahat ng panahon ang edad ng bata, ang kanyang panlipunang sitwasyon, at ang kanyang edukasyon bago magdesisyon.

**2.2 Pwersahan o nakataling paggawa (forced/bonded labor)**
Hindi gumagamit o tumatanggap ang ASSA ABLOY ng anumang uri ng pwersahan o nakataling paggawa, at hindi ito nagpapatrabaho ng mga preso o ilegal na manggagawa, at inaasahan nitong ganito rin ang gagawin ng mga kasosyo nito sa negosyo. Kinikilala ng ASSA ABLOY na kabilang sa mga paraan ng pwersahang pagpapatrabaho sa mga tao ang pagdedeposito ng bayad o pag-uutos na ideposito ang dokumento ng pagkakakilanlan o iba pang personal na pag-aari, kung saan ang lahat ng ito ay ipinagbabawal. Kung nagbibigay ang kasosyo sa negosyo ng trabaho sa mga dayuhang manggagawa sa kontraktwal na batayan, hindi sila dapat piliting magtrabaho kahit ayaw nila, at pareho din dapat ang mga karapatan nila sa mga karapatan ng mga lokal na manggagawa. Kung naaangkop, ang employer ang magbabayad ng mga komisyon at bayarin sa recruitment agency kaugnay ng trabaho.

May karapatan dapat ang lahat ng manggagawa na umalis sa lugar na pinagtatrabahuhan nila at sa kanilang tirahan o panuluyan (kung mayroon) kung gusto nila sa mga oras na hindi sila nagtatrabaho.

**2.3 Kalayaang magkaroon ng asosasyon at kalayaan sa collective bargaining**
Inaasahan ng ASSA ABLOY sa mga kasosyo nito sa negosyo na igagalang nila ang mga karapatan ng kanilang mga empleyado na sumali, o hindi sumali, sa isang asosasyon kung pipiliin nila, at pati na magtayo ng asosasyong gusto nila, mag-organisa, at mag-bargain sa indibidwal o kolektibong antas alinsunod sa mga lokal na batas at regulasyon. Walang sinumang empleyado ang maaaring ma-harass o magantihan dahil sa paggamit sa mga karapatang ito.

**2.4 Mga kontrata, oras ng paggawa, at kompensasyon ng mga manggagawa**
Inaasahan ng ASSA ABLOY na susunod ang mga kasosyo nito sa negosyo sa mga lokal na batas at regulasyon hinggil sa mga kontrata at oras ng paggawa ng mga manggagawa, kabilang ang overtime at bayad sa overtime. Regular dapat na binabayaran ang mga sahod at nakakasunod dapat ang mga ito sa naaangkop na lokal na batas at sitwasyon ng lokal na merkado. May karapatan dapat ang mga manggagawa na magkaroon ng hindi bababa sa isang araw na pahinga sa loob ng pitong araw at lumiban sa mga itinakdang pambansa at lokal na pista opisyal. Dapat ibigay sa mga manggagawa ang mga isinaad na taunang leave, sick leave, at maternity/paternity leave nang walang anumang negatibong kapalit.

**2.5 Diskriminasyon, pangha-harass, at pagkakaiba-iba (diversity)**
Pinapahalagahan at itinataguyod ng ASSA ABLOY ang pagkakaiba-iba at ang pagkakapantay-pantay ng kasarian. Inaasahan ng ASSA ABLOY na itinatrato nang may paggalang at dignidad ang lahat ng empleyado ng mga kasosyo nito sa negosyo at mayroon silang patas at pantay na mga pagkakataon para umunlad. Hindi pinapalampas ng ASSA ABLOY ang anumang uri ng diskriminasyon o pangha-harass sa trabaho, at hindi dapat magdiskrimina ang aming mga kasosyo sa negosyo laban sa sinumang manggagawa batay sa lahi, etnisidad, sekswal na oryentasyon, kasarian, relihiyon, edad, kapansanan, pulitikal na opinyon, nasyonalidad, o anumang iba pang batayang maaaring magdulot ng diskriminasyon.

**2.6 Alak at/o paggamit ng ipinagbabawal na gamot**
Nagkukusa ang ASSA ABLOY na alisin ang anumang panganib sa trabaho. Ang mga indibidwal na gumagawa ng mga produkto o nagbibigay ng mga serbisyo para sa ASSA ABLOY ay hindi dapat pumasok sa kumpanya o sa pinagtatrabahuhang lugar kung sila ay nasa ilalim ng impluwensya ng alak, o apektado ng alak, sa puntong makakaapekto sa kakayahan ng indibidwal na isagawa ang kanyang mga tungkulin sa trabaho. May zero tolerance ang ASSA ABLOY sa mga ipinagbabawal na gamot, at hindi nito pinapayagan ang mga indibidwal na gumagawa ng mga produkto o nagbibigay ng mga serbisyo para sa ASSA ABLOY na pumasok sa kumpanya o pinagtatrabahuhang lugar kung nasa ilalim sila ng impluwensya ng ipinagbabawal na gamot.

**2.7 Interes ng mamimili**
Para sa ASSA ABLOY, nakakasunod dapat ang mga produkto at serbisyo nito sa mga naaangkop na kinakailangang pangkalusugan at pangkaligtasan, at dapat itong isaalang-alang ng aming mga kasosyo sa negosyo kapag gumagawa ng mga produkto o nagbibigay ng mga serbisyo para sa ASSA ABLOY.

**2.8 Responsableng pag-source ng mga mineral**
Nakatuon ang ASSA ABLOY sa pagsunod sa mga naaangkop na batas at regulasyong humihingi ng pagsisiwalat sa paggamit ng mga conflict mineral. Ang mga conflict mineral ay mga mineral mula sa mga lugar na mapanganib at may sigalot, at ang mga mineral na ito ay direkta o hindi direktang nakakapag-ambag sa pagpopondo ng mga armadong pangkat, kung saan ang ilang pangkat ay pinaniniwalaang responsable sa mga seryosong paglabag sa karapatang pantao. Sumusunod dapat sa mga batas at regulasyon hinggil sa mga conflict mineral ang mga produktong ibinibigay sa ASSA ABLOY.

# 3. Kapaligiran

**3.1 Kapaligiran at pagpapanatili**
Dapat sumunod ang ASSA ABLOY sa mga ligal na kinakailangang pangkalikasan at inaasahan nitong kukuha, mag-a-update, at susunod sa mga kinakailangang permit at lisensya para sa kalikasan ang mga kasosyo nito sa negosyo para sa kanilang mga operasyon. Hinihikayat ng ASSA ABLOY ang pag-develop at pagpapakalat ng mga teknolohiyang makakalikasan. Inirerekomenda ng ASSA ABLOY sa lahat ng kasosyo nito sa negosyo na may malaking epekto sa kalikasan na magpatupad ng mga sistema ng pamamahala ng kapaligiran na nangangailangan ng sertipikasyon o mga katulad na sistema na magpapadali sa pagtulong ng mga kasosyo sa negosyo sa kalikasan.

Patuloy na humahanap ang ASSA ABLOY ng mga paraan para mabawasan ang paggamit ng mga likas yaman. Inaasahan ng ASSA ABLOY na magsisikap ang mga kasosyo nito sa negosyo na bawasan ang kanilang paggamit ng mga likas yaman, kabilang ang enerhiya, basura, at tubig, umiwas sa polusyon, bawasan ang ingay sa mga katanggap-tanggap na antas, at ayusin ang pangkalahatang epekto sa kapaligiran ng kanilang mga operasyon at produkto habang pinoproseso ang mga ito. Bilang karagdagan, ang mga kemikal at mapanganib na materyal ay dapat na lagyan ng tamang label at iimbak sa ligtas na paraan, at dapat i-recycle, gamiting muli, at itapon ang mga ito nang tama.

# 4. Kalusugan at Kaligtasan

**4.1 Kapaligiran sa pagtatrabaho**
Sistematikong isinasaalang-alang ng ASSA ABLOY ang kalusugan at kaligtasan at nakatuon itong makapagbigay ng isang ligtas na lugar para sa trabaho, at inaasahan nitong gagawin din ito ng mga kasosyo nito sa negosyo. Dapat bawasan ang mga peligrong maaaring magdulot ng mga aksidente o makaapekto sa kalusugan at katayuan ng mga indibidwal habang nagtatrabaho para sa ASSA ABLOY. Samakatuwid, ang mga peligro sa kalusugan at kaligtasan sa trabaho ay dapat na matukoy, masuri, at mapamahalaan sa pamamagitan ng isang hakbang-hakbang na proseso ng pag-aalis ng panganib, mga kontrol sa engineering, at/o mga pang-administratibong kontrol.

Para sa ASSA ABLOY, ang isang halimbawa ng ligtas na lugar para sa pagtatrabaho ay ang pagkakaroon ng mga pinagtatrabahuhang lugar na malinis at walang polusyon, paggamit ng mga makinang ligtas at walang peligro sa kalusugan habang nasa produksyon, at pagsunod sa mga tagubilin sa kung paano gagamit ng personal na proteksyon at kagamitan sa trabaho. Dapat ibigay sa mga manggagawa ang personal protective equipment at kagamitan sa trabaho. Sapat din dapat ang ilaw sa pinagtatrabahuhang lugar, at nasa mga katanggap-tanggap na antas ang temperatura at ingay. Kapag sobra sa mga katanggap-tanggap na antas ang ingay, dapat gumamit ng personal protective equipment gaya ng proteksyon sa tainga. Ang lahat ng yunit ay dapat na may sapat at malilinis na silid taguan/ imbakan, mga banyo at palikuran, na hiwalay para sa mga lalaki at babae. Inaasahan ding makikita ng ASSA ABLOY sa mga kasosyo nito sa negosyo ang mga nasa itaas.

**4.2 Kaligtasan sa gusali at kaligtasan mula sa sunog**
Dapat iimbak ang mga mapanganib na materyal at kagamitan ayon sa naaangkop na batas. May mga emergency exit dapat na malinaw ang marka. Wala dapat harang ang mga labasan at dapat na may sapat na liwanag. Dapat makatanggap ang lahat ng manggagawa ng impormasyon tungkol sa mga plano para sa kaligtasan gaya ng mga emergency exit, fire extinguisher, kagamitan para sa paunang lunas, atbp. May nakapaskil dapat na plano para sa paglikas sa bawat palapag ng isang gusali. Nasubukan dapat ang fire alarm at nakakapagsagawa dapat ng mga regular na pagsasanay sa paglikas.

**4.3 Paunang lunas at pangangalagang medikal**
Dapat ay may kagamitan para sa paunang lunas sa mga naaangkop na lokasyon, at may sinanay dapat na kahit man lang isang tao para sa basic na paunang lunas sa bawat lokasyon. Dapat sagutin ng kasosyo sa negosyo ang mga gastusin para sa medikal na pangangalaga kung naganap ang pinsala sa loob ng kumpanya kapag hindi ito saklaw ng social security o insurance, hangga't walang nalabag na panuntunan sa kaligtasan.

# Appendix I: Pag-uulat ng hindi pagsunod

May alam akong sitwasyong maaaring hindi nakakasunod sa Pamantayan ng Pagkilos ng Kasosyo sa Negosyo ng ASSA ABLOY. Paglalarawan sa potensyal o aktwal na paglabag sa Pamantayan ng Pagkilos ng Kasosyo sa Negosyo:

**Pangalan at mga detalye sa pakikipag-ugnayan:**

Pakipadala ang ulat na ito sa:
Code of Conduct function
ASSA ABLOY AB
Box 70340
SE-107 23 Stockholm, Sweden

o sa:
code@assaabloy.com

Nakatuon ang ASSA ABLOY sa pagprotekta sa personal mong data. Sa Pamantayan ng Pagkilos – Abiso ng Privacy (na makikita mo sa *https://www.assaabloy.com/en/com/menu/code-of-conduct-privacy-notice/*), mababasa mo kung paano pinoproseso at ginagamit ng ASSA ABLOY ang personal na data na natatanggap namin kaugnay ng usapin sa Pamantayan ng Pagkilos at kung paano ka makikipag-ugnayan sa amin kung may mga karagdagan kang tanong tungkol sa pagpoproseso sa iyong personal na data.

# Appendix II: Sertipikasyon

Hinihiling ng ASSA ABLOY sa Awtorisadong Tagalagda/ Ligal na Kinatawan ng iyong kumpanya na basahin ang Pamantayan ng Pagkilos ng Kasosyo sa Negosyo ng ASSA ABLOY, at sa pamamagitan ng paglagda sa ibaba at paglalagay ng selyo ng kumpanya, kung mayroon, kinukumpirma mong naunawaan mo, at susunod ka sa Pamantayan ng Pagkilos ng Kasosyo sa Negosyo ng ASSA ABLOY.

Ako, na lumagda at Awtorisadong Tagalagda/ Ligal na Kinatawan ng kumpanyang binanggit sa ibaba, ay nagkukumpirmang naunawaan ko at susunod ako sa Pamantayan ng Pagkilos ng Kasosyo sa Negosyo ng ASSA ABLOY.

Lugar, petsa

Pangalan ng kumpanya

Lagda

Pangalan

Pamagat

Ang ASSA ABLOY Group ay ang nangunguna sa buong mundo pagdating sa mga access solution. Araw-araw, tinutulungan namin ang mga tao na maging ligtas, secure, at magkaroon ng isang mas bukas na mundo.

ASSA ABLOY

**ASSA ABLOY AB (Publ.)**
**Postal address:**
P.O. Box 70340
SE-107 23 Stockholm
**Aktwal na address:**
Klarabergsviadukten 90
**Telepono:** +46(0)8 506 485 00
**Fax:** +46(0)8 506 485 85
**Rehistradong Num:**
SE.556059-3575
**Rehistradong Tanggapan:**
Stockholm, Sweden
assaabloy.com
© 2018

PHILIPPINE/TAGALOG